# Rehistrasyon ng Tunay na Pangalan para sa SIM Cards

## – Madali, Maginhawa at Mabilis

Kailangang makumpleto ang rehistrasyon ng lahat ng SIM cards bago magamit ang mga iyon.



Huwag bibili ng isang “rehistradong” pre-paid SIM (PPS) card mula sa mga hindi kilalang mapagkukunan sa merkado.

Kumpletuhin ang rehistrasyon ng inyong SIM cards gamit ang inyong orihinal na dokumentong pagkakakilanlan.

通訊事務管理局
COMMUNICATIONS AUTHORITY

## Ganap na Pagpapatupad ng Rehistrasyon ng Tunay na Pangalan para sa SIM Cards

- Kakailanganin ng lahat ng may bisang SIM service plans (SSP) at PPS cards ang rehistrasyon ng tunay na pangalan bago paganahin.

### Mga Kailangang Impormasyon para sa Rehistrasyon

- **Indibidwal na Gumagamit –**
  - Pangalan
  - Petsa ng Kapanganakan
  - Numero ng HKID card
  - Kopya ng HKID card

- **Kumpanyang Gumagamit –**
  - Impormasyon ukol sa Rehistrasyon ng Negosyo
  - Personal na Impormasyon ng Responsableng Tao

### Quota ng Rehistrasyon



- **PPS cards:**
  Indibidwal na Gumagamit – hanggang sa **10 cards**
  Kumpanyang Gumagamit – hanggang **25 cards**
- **SSP cards:**
  Walang limitasyon

### Mga Pupuntahan para sa Rehistrasyon

**Website ng tagapagkaloob ng serbisyong Telecom**

**Mobile app ng tagapagkaloob ng serbisyong Telecom**

**Mga tindahang tingian ng tagapagkaloob ng serbisyong Telecom**

## MGA DAPAT GAWIN

- Kumpletuhin ang rehistrasyon ng inyong SIM cards gamit ang inyong sariling orihinal na dokumentong pagkakakilanan.
- Alisin sa pagkarehistro ang inyong PPS cards kung ang mga iyon ay hindi na ginagamit o inilipat sa ibang partido.
- Mag-ingat sa sinumang nagtitinda ng mga nauna nang naiparehistrong SIM cards o sa mga impormasyong tungkol sa pagkakakilanlan ng iba kung magpaparehistro ng PPS cards sa pangalan ng iba. Mag-ulat sa Pulisya kung may pinaghihinalaang mga opensang kriminal*.

## MGA HINDI DAPAT GAWIN

- *Huwag* magbibigay ng hindi totoong impormasyon at/o hindi totoong mga dokumento kung nagkukumpleto ng rehistrasyon sapagkat ito ay maituturing na isang opensang kriminal*.
- *Huwag* bibili at gagamit ng PPS cards na nag-aako na nakumpleto na ang rehistrasyon ng tunay na pangalan mula sa mga hindi kilalang mapagkukunan sa merkado upang maiwasan ang panganib ng pagsuway sa batas*.
- *Huwag* gagamitin ang inyong personal na impormasyon sa pagpapaparehistro ng SIM cards para sa mga hindi kilalang taga-ikatlong partido na maaaring gumamit ng SIM cards para sa layuning labag sa batas.
- *Huwag* bibigyan ang ibang partido ng isang SIM card na nakarehistro na sa pangalan ng iba upang mapadali ang pagsasagawa ng isang opensa; sapagkat, maaaring maakusahan kayo ng pagtulong at pagsusulsol sa pagsasagawa ng kaugnay na opensa.

* Batay sa mga katotohanan ng kaso, sa uri ng akto at sa patunay na ebidensiya, kabilang sa maituturing na mga opensang kriminal ang pagkuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pandaraya sa ilalim ng seksyon 18A ng Ordinansa ukol sa Pagnanakaw (Cap. 210) at ang paggamit ng hindi totoong mga instrumento sa ilalim ng seksyon 73 ng Ordinansa ukol sa mga Krimen (Cap. 200).

**Ang Tanggapan ng Awtoridad para sa Komunikasyon (Office of the Communications Authority - OFCA) at ang mga tagapagkaloob ng serbisyong telecom ay magsasaayos ng mga sapalarang pagsusuri ng mga rehistrasyon sa pana-panahon. Kung sakaling mayroong kaso ng katiwalaan, ang mga kinauukulang gumagamit ay kailangang makipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyong telecom sa pagkumpirma ng rehistradong impormasyon o kung hindi, ang naturang SIM card ay aalisin sa pagkarehistro.**

**Mga Tanong**

- Para sa mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong tagapagkaloob ng serbisyong telecom.

**OFCA**
Hotline: **2961 6333**
Thematic Webpage: **www.ofca.gov.hk/simreg**